

1

Nakatingin lamang si Kyle sa kanyang mga paa habang nakaupo sila sa malaking living room na iyon. Wala yata silang mapag-uusapan ni Debbie. Hindi malaman ng binata kung paano niya sisimulan ang lahat. Ninenerbiyos siya na hindi niya maintindihan.

Malamig ang gabi, ngunit namuo ang gabutil na mga pawis sa noo ng lalaki. Noon lamang siya nakaramdam ng ganoong katinding damdamin. Hindi niya akalain na mangyayari iyon sa kanya. Hindi niya iyon maipaliwanag.

Minsan niyang nasulyapan ang maamong mukha ni Debbie, ngunit wala siyang nakita roon. Ni walang senyales na mayroon ding pagtingin ang dilag sa kanya. Walang expression sa anyo nito.

“Debbie,” simula ng lalaki, naghahanap ng mga salitang tutugma sa lahat ng nilalaman ng kanyang puso na ngayon ay mabilis na pumipintig.

Ngunit sa pagsambit pa lamang ng pangalang iyon, nawala na ang lahat ng mga salitang inensayo niya buong maghapon. Para bang nabura ang lahat.

Kinuha ng binata ang kanyang panyo mula sa bulsa ng pantalon at pinunasan ang pawisan niyang noo. Saglit siyang humugot ng malalim na hininga at pagkatapos ay napalunok. Parang hindi niya masasabi ang gusto niyang ipahayag. Lubha

yatang napakahirap.

“Alam kong...” subok muli ng binata, ngunit parang may bumabara sa kanyang lalamunan.

“Ano’ng ibig mong sabihin, Kyle?” tanong ni Debbie.

Namagitan sa kanila ang nakakailang na sandali ng katahimikan. Napatitig si Kyle sa dalaga.

Napakaganda niya. I’m nuts about her! naisip ng lalaki. I have to say something or I’d go crazy!

“Can I use the bathroom?” ang naisagot ni Kyle.

Idiot! nasabi ng kanyang utak. Sa lahat naman ng sasabihin, comfort room pa! Nasisiraan na siguro ako ng bait. Naroon na ang pagkakataon ko, pero pinalampas ko pa. Siguro nang ikinalat ang katangahan sa mundo, sa akin napapunta lahat!

“I think you better leave,” naiinis na sabi ng dilag sa kanyang bisita.

Iniwan ng dalaga ang binata. Lumabas at tinungo ang dalampasigan. Doon, nahulog siya sa malalim na pag-iisip.

Muling pumasok sa isipan ni Debbie ang mga nakalipas na panahon. Bata pa sila noon ni Kyle. Tandang-tanda pa niya ang lahat sapagkat bawat detalye ay nakaukit sa kanyang puso at isipan...

“Ang ganda-ganda ng *Barbie* ko, di ba?” sabi ni Debbie sa kalarong lalaki habang sinusuklay ang mahabang buhok ng kanyang doll. “Paglaki ko, gaganda rin ako tulad niya.”

“Kaya nga paglaki ko, liligawan kita,” sabi ni Kyle. “Para tayong dalawa ang magiging mag-asawa.”

“Heh! Hindi naman ako pakakasal sa ‘yo,” sagot naman ng batang babae habang kunwa’y nagagalit.

“Tingnan natin,” pagbibiro ng batang lalaki.

Naukit sa murang isipan ng batang si Debbie ang mga salitang iyon. Mga paslit man silang maituturing, ngunit ang mga sinabing iyon ni Kyle ay seryosong itinago ng babae sa loob ng kanyang puso.

Magkaibigang matalik ang kanilang mga magulang. Magkasabay silang lumaki. Simula pa ay sila na ang laging magkasama. Iisa ang paaralang pinasukan nila noong mga bata pa sila. Kahit pa sa kolehiyo ay hindi sila naghiwalay.

Noong manirahan na ang mga magulang ni Debbie sa Estados Unidos, pinili ng dilag na magpaiwan sa Pilipinas upang makapagtapos ng pag-aaral. Tanging ang kanyang tiyahin at lola na lamang ang kasama niya sa bahay, ang bahay na kalapit lamang ng kina Kyle.

Noong nag-aaral pa sila, si Kyle ang tipo ng taong nakikipagkaibigan sa libro. Hindi naman siya masisisi. Sadya

lamang seryoso ang lalaki sa kanyang pag-aaral.

Wala siya masyadong panahon sa pakikipagsosyalan. Wala naman kasing pumapansin sa isang tulad niyang ordinaryo o di kaya ay iyong tinatawag na average pagdating sa social circle sa campus. Tanging si Debbie lamang ang lagi niyang kasama noon. Sila lang ang madalas na lumalabas para mag-shopping, manood ng sine at iba pang mga activities.

Malaki naman ang katawan ng binata, ngunit hindi naman siya ang tipo ng lalaking puro laman pero wala namang utak. At hindi rin naman siya maituturing na pangkaraniwang mukha kung ihahambing sa karamihan.

Isa lang ang problema niya. Walang babae na pumapansin man lang sa kanya. Si Debbie lamang talaga ang babaeng kakilala niya, and she doesn't even count. Magkababata sila, para sa binata. Wala nang iba pa.

Ngunit ang hindi alam ni Kyle ay ang pangakong itinago ni Debbie sa kaibuturan ng kanyang puso. Sino ba naman ang makakapagsabi na seseryosohin ng babae ang mga salitang binitiwang nito noong mga panahong nakalipas na?

Napabuntunghininga si Debbie habang nakadapa sa kanyang kama. Napasulyap siya sa malaking salamin. Nakita niya ang kanyang reflection.

Kailan Mo Ako Iibigin? - Roberta Farcon-Evangelista

Naupo siya at pinagmasdan ang dalagang nakatingin sa kanya. Maganda naman siya. Hanggang balikang haba ng buhok. Maganda ang kanyang mga matang minana pa sa inang Amerikana, kulay abo at mapanghalina. Ang mga pilik ng kanyang mga mata ay kay hahaba. Ang kanyang matangos na ilong ay sadya ring kaiga-igayang pagmasdan. Maging ang kanyang mga labi ay tila nanunukso, nang-aakit.

At kung sa pangangatawan naman ang tatanungin, hindi rin pahuhuli ang dalaga. Maganda ang kanyang figure. Biniyayaan pa siya ng mala-sutlang balat na tila walang kapintasan. At dahil nga may dugong dayuhan, nakakasilaw ang kanyang kaputian.

Napangiti siya sa kanyang sarili. Ilang saglit pa at napakamot siya sa kanyang ulo.

Ano ba naman itong ginagawa ko? Para akong engot, sabi ni Debbie sa sarili habang nakatingin sa salamin. Ano nga ba ang kulang sa akin at hindi ako mapansin ng lalaking 'yon? Makatulong na nga. Maloloka lang ako sa kaiisip, aniya pa rin sa sarili habang pinapatay ang ilaw ng lampshade sa tabi ng kanyang kama.

Lumalalim ang gabi, ngunit hindi pa rin siya dalawin ng antok. Tanging si Kyle lamang ang laman ng kanyang utak.

Kailan mo ako mamahalin, Kyle? naibulong ng puso niya.

Unti-unting inalis ni Liza ang kanyang damit. Halos hindi

na humihinga si Kyle. Hinding-hindi naalis ang pagkakatitig niya sa babae.

At nang makita ng binata na tanging panloob na lamang ang suot ni Liza, napalunok siya. Ito na ang pagkakataon na mapasakanya ang minimithing babae.

At nang hindi na siya nakapagtimpi, hinila niya ang babae at ikinulong sa kanyang mga bisig saka hinalikan. Naglakbay ang kanyang mga kamay sa mga bahagi ng katawang hindi pa niya nahahawakan.

Para bang hindi na siya makakapaghintay pa. Kailangan niya si Liza.

At nang ganap na ang kanilang kahubdan, muli silang nagtitigan at nagsalubong ang kanilang mga labi. Papalapit nang papalapit ang pag-iisa ng kanilang mga katawan...

Tumunog ang alarm clock nang bandang ala-singko ng umaga. Hindi agad bumangon si Kyle mula sa kanyang kinahihigaan. Bumukas ang mga talukap ng kanyang mga mata saka niya nabatid na panaginip lamang pala ang lahat.

“Wow, bad trip!” ang tanging naiusal niya.

Nainis siya. Akala niya ay totoong-totoo na ang lahat. Wala siyang magagawa. Talaga yatang walang pag-asa na mapansin siya ni Liza Montillano na hanggang sa panaginip ay nauudlot pa.

Tumayo si Kyle at pinatay ang alarm.

Biglang nag-ring naman ang telepono.

“Hello,” ang pupungas-pungas na sagot ng lalaki.

“Gumising ka na, ano?” sabi ni Debbie sa kabilang linya.
“Mahuhuli na naman tayo sa opisina kapag hindi ka pa bumangon.”

“Bumangon na po ako, ‘no? Maliligo na nga ako.”

“Mga six ay nariyan na ako.”

Ibinaba ni Kyle ang telepono. Napakamot siya sa kanyang ulo.

Nagpainit muna siya ng katawan sa pamamagitan ng exercise saka niya tiningnan ang kanyang sarili sa mahabang salamin.

May itsura naman ako, ah, sabi ni Kyle sa sarili.

Nagpaikut-ikot siya sa harap ng salamin. Hindi naman matatawag na pangit ang binata. Matipuno ang pangangatawan nito. Maputi ang kanyang balat, mana sa mga ninunong Kastila. Maging ang kanyang ilong at katangiang pisikal ay pamana ng lahing dayuhan.

Ano ang gagawin ko para mapansin mo lang ako, Liza? ang nasabi ni Kyle sa sarili habang isinusuklay ang kanyang mga daliri sa magulong buhok.

Hay! Sadya yatang galit sa akin si Cupido. Hindi yata ako makakakita ng babaeng magmamahal sa akin.

Dali-daling pumasok sa banyo si Kyle.

Mabilis siyang naligo. Alam niya kasing magagalit na naman sa kanya si Debbie kapag na-late silang muli sa pagpasok sa opisina.

Kung bakit kasi naisipan pa iyang car pool, eh, sabi ni Kyle sa sarili. Sa bagay, tipid sa gasolina, less pollution pa.

Matapos niyang makapaligo, nanaog na siya. Eksaktong ala- sais ay naroon na si Debbie. May dalang almusal para kay Kyle na kakainin nito sa opisina.

Ilang sandali pa at lumabas na ang magkaibigan patungong garahe.

Dali-dali silang sumakay sa kotseng kuba ni Kyle. Naturingang nakatira sa White Plains pero ang kotse naman niya ay Volkswagen lang na beige na madalas pang ayaw mag-start.

“Kung bakit kasi ayaw mo pang tanggapin ‘yung bagong kotse na inaalok sa ‘yo ng mama mo. Nagtitiyaga ka dito sa kotseng kuba na kulang na lang ay posporo at sisilaban na.”

“Hoy! Kahit ganito ang kotse ko, mahal ko ito. Pinaghirapan ko ito. Galing pa sa sarili kong pawis.”

“Oo nga. Pawis na pawis ka na sa katutulak sa tuwing ayaw

Kailan Mo Ako Iibigin? - Roberta Farcon-Evangelista

umandar ‘tong kotse mo,” pambubuska ni Debbie.